



Paano kung Mayroon kang mga Alalahanin o Tanong?

Kung sa palagay mo walang nangyayari sa iyong plano ng pagbalik sa trabaho, tiyakin na ipaalam sa iyong tagabigay ng pangangalaga sa kalusugan, employer at kontak sa WCB ang tungkol sa iyong mga alalahanin.

Paano Magiging Kasali ang WCB?

- Susubaybayan ng iyong kontak sa WCB ang iyong RTW na plano at tutulong sa mga kabayaran sa nawala mong sahod.
- Ang iyong kontak sa WCB ay magiging kasali sa pagtulong sa iyo kung kailangan mo ng tulong sa iyong RTW na plano – narito kami para tumulong.



Isang mapagkakatiwalaang katambal, tinitiyak ang kasalukuyan at bumubuo ng isang mas ligtas na kinabukasan.

Kung kayo ay masaktan sa trabaho, kami ay narito upang tumulong.

Paano Kami Maaabot

Workers Compensation Board of Manitoba
333 Broadway, Winnipeg, MB R3C 4W3

Mag-email sa amin sa
wcb@wcb.mb.ca

Para sa karagdagang impormasyon, pumunta sa
www.wcb.mb.ca

o tumawag sa amin sa
204-954-4321

o walang bayad sa
1-855-954-4321

Isumbong ang pandaraya at hindi pagsunod

Tumawag sa 204-888-8081 o walang bayad sa 1-844-888-8081

Mag-email sa Compliance@wcb.mb.ca

Ang LIGTAS (SAFE) na Trabaho ay responsibilidad ng lahat. Ang pag-iwas sa mga pinsala ay mabuti para sa mga employer at mga manggagawa. Para malaman pa, pumunta sa:

safemanitoba.com

o tumawag sa 204-957-SAFE (7233) sa Winnipeg
o 1-855-957-SAFE (7233) sa labas ng Winnipeg



Pagbalik sa Trabaho para sa MAS MAHUSAY NA PAGGALING



Kung kayo ay masaktan sa trabaho, kami ay narito upang tumulong.

Makakatulong sa Iyong Paggaling ang Pagbalik sa Trabaho

Ang pagbalik sa trabaho kasunod ng isang pinsala sa pinagtatrabahuhan ay isang sunud-sunod na hakbang na nagsisimula sa iyong pinagtatrabahuhan, para matulungan ka matapos kang masaktan o magkasakit. Ang unang hakbang ay kumuha ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan na kailangan mo para matulungan kang gumaling. Ang susunod na hakbang ay simulan ang pagpapalano para sa iyong pagbalik sa trabaho (Return to Work, RTW). Ang pagbalik sa trabaho sa lalong madaling panahon na maaari para sa katawan at ligtas ay makakatulong sa iyong paggaling.

Sa karaniwan, inaayos ng iyong employer ang proseso ng iyong pagbalik sa trabaho nang kasama ka at ang iyong tagabigay ng pangangalaga sa kalusugan. Ang iyong unyon at/o kinatawan ng komite sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho ay maaaring isama, kasama ng iyong kontak sa WCB. Binubuo ang isang plano batay sa mga rekomendasyon ng iyong tagabigay ng pangangalaga sa kalusugan at ng kung ano ang magagawa mo kapag bumalik ka na sa trabaho. Maaaring kasama sa iyong RTW na plano ang pagbabago ng mga gawain o bawas na oras ng trabaho.

Ang unang hakbang ay kumuha ng mga serbisyo sa pangangalaga ng kalusugan na kailangan mo para matulungan kang gumaling.

Mga Benepisyo

Ang isang programa ng pagbalik sa trabaho ay makakabuti sa iyo sa pamamagitan ng:

- pagtulong sa iyo na gumaling nang mas mabilis at ganap mula sa iyong pinsala
- pagpapanatili ng iyong katatagan sa trabaho
- pagtulong na makabalik ka muli nang mas maaga at mas kaunting kawalan ng katiyakan sa hinaharap.

Paano Ka Makakasali?

- Makibahagi sa aktibong pagsali sa RTW na plano ayon sa napagkasunduan habang nasa lahat ng talakayan.
- Dumalo sa lahat ng appointment para sa pangangalaga ng kalusugan at sundin ang iyong inirekomendang plano ng paggamot.
- Tumulong sa iyong tagabigay ng pangangalaga sa kalusugan na maunawaan ang uri ng trabaho na iyong ginagawa.
- Manatiling may ugnayan sa iyong kontak sa WCB at sa iyong employer para maipaalam sa kanila kung ano ang nararamdaman mo, makakatulong ito sa iyo para manatiling konektado sa iyong pinagtatrabahuhan at tutulungan ang iyong employer na magplano ng trabahong magagawa mo kapag gumaling ka na.
- Ang iyong employer ay dapat makipagtulungan sa iyo at sa iyong tagabigay ng pangangalaga sa kalusugan para makabuo ng isang plano ng pagbalik sa trabaho batay sa kung ano ang magagawa mo.

Paano Magiging Kasali ang Iyong Employer?

- Ang iyong employer ay dapat ring manatiling may ugnayan sa iyo at suportahan ka sa iyong plano ng pagbalik sa trabaho.

Mga Obligasyon sa Pagtatrabaho Mulì?

Hinihiling ng batas sa mga employer na may 25 o mahigit pang full-time o regular na part-time na mga manggagawa na kunin muli sa trabaho ang mga napinsalang manggagawa na nagtatrabaho sa kanila nang hindi bababa sa tuloy-tuloy na 12 buwan bago sila mapinsala. Para sa higit pang impormasyon sa mga obligasyon sa muling pagtatrabaho, mangyaring tingnan ito sa internet sa www.wcb.mb.ca sa ilalim ng mga mapagkukunan, o tumawag sa 204-954-4321 o nang walang bayad sa 1-855-954-4321 para sa isang kopya ng pamplet ng *Mga Obligasyon sa Muling Pagtatrabaho*.

Paano Magiging Kasali ang Iyong Tagabigay ng Pangangalaga sa Kalusugan?

- Kailangan magrekomenda ang iyong tagabigay ng pangangalaga sa kalusugan ng mga takdang panahon para sa iyong pagbalik sa trabaho at magbigay ng impormasyon tungkol sa mga paghihigpit sa iyo.
- Isasaad sa mga takdang panahon ang pinakamaagang petsa ng iyong ligtas na pagbalik hanggang sa binagong mga gawain o mga oras ng trabaho.
- Magbahagi ng impormasyon ang iyong tagabigay ng pangangalaga sa kalusugan sa iyong employer tungkol sa mga paghihigpit sa iyo kung magbibigay ka lamang ng pahintulot.

